Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon X
**DIVISION OF CAGAYAN DE ORO CITY**
Fr. William F. Masterson, S.J. Avenue,
Brgy. Upper Balulang, Cagayan de Oro City, 9000 Philippines

Hunyo 10, 2019

Memorandum Pansangay Blg. 195, s. 2019

DEP ED-DIVISION OF CAGAYAN DE ORO
CAGAYAN DE ORO CITY
RELEASED
DATE: ... 08 2019
BY:

Para sa: Pansangay na Tagamasid/Tagapag-ugnay
Pandistritong Tagamasid/Tagapag-ugnay
Punongguro/Ulongguro
Pampaaralang Koordineytors sa Filipino
Mga Guro sa Asignaturang Filipino
Elementarya/Sekundarya
Pampublikong Paaralan
Sa Sangay Na Ito

**Pansangay na Tagisan ng Talento sa Filipino sa Antas Elementarya at Sekundarya**

1. Ipinabatid sa lahat ng mga kinauukulan na magkakaroon ng Pansangay na Patimpalak sa Tagisan ng Talento sa Filipino Antas Elementarya at Sekundarya sa darating na Agosto 22-23, 2019 na may temang **"Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino"**. Ang lugar na pagdadarausan ay sa Event Center ng Limketkai Center, Lapasan, Cagayan de Oro City.

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. Maikintal sa pambansang kamalayan ang halaga at gampanin ng wikang Filipino at mga katutubong wika sa pagbuo ng isang bansang nagkakaunawaan.

   b. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at

   c. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang bayad sa pagpapatala na P 200.00 bawat partisipante at gayundin ang gastos sa pagbibiyahe at iba pang mga gastusin kaugnay sa gawaing ito ay maaaring kukunin sa pondo ng MOOE, pondo ng PTA, pondo ng Kantina at iba pa. Ang naturang bayad ng pagpapatala o rehistrasyon ay gsgsmitin para sa pagbili ng mga tropeo, honorarium para sa mga hurado at iba pa. Maaaring ibigay ang rehistrasyon kay **Gng. Aniceta T. Batallones** sa Ikalawang Palapag ng Kantina ng Sangay ng Cagayan de Oro sa darating na Agosto 15-16, 2019.

4. Ang lugar na pagdadarausan ng **Sulat-Bigkas ng Tula (Sulkas), Madulang Pagkukuwento, Interpretatibong Pagbasa at Dagliang Talumpati at Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo** ay sa Event Center, Limketkai Center, Lapasan, Cagayan de Oro City.

5. Ang makakuha ng unang puwesto sa pansangay na patimpalak ay magiging kalahok sa **Panrehiyong Tagisan ng Talento sa Filipino** at ang mananalo sa unang puwesto sa Paligshan sa Ispeling:Iispel Mo! ay magiging kalahok sa **Panrehiyong Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!**

6. Ang gastusin ng mga kalahok tulad ng pamasahe, pagkain sa loob ng dalawang araw ay maaaring kukunin sa ponding local, pondo ng MOOE, pondo ng kantina o kaya pondo ng PTA.

7. Kalakip nito ang listahan ng komite para sa Pansangay na Patimpalak sa Tagisan ng Talento sa Filipino.

10. Ipinababatid sa lahat ng mga kasapi ng komite at lahat ng Filipino Koordineytors na magkakaroon ng pagpupulong sa darating na Hulyo 26, 2019 sa ganap na ika-1 ng hapon hanggang ika-5 ng hapon sa Ikalawang palapag ng Kantina ng DepEd Cdo.

11. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay:

SOL P. ACERON, Ph.D,
EPS-Filipino
Gusaling Deped ng Sangay ng Cagayan de Oro
Masterson Avenue, Upper Balulang, Cagayan de Oro City
Email: solpilaceron7151981@gmail.com
Website: cdorep@gmail.com
09057892449

10. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap sa Kautusang ito.

**JONATHAN S. DELA PEÑA, PhD, CESO V**
Tagapamanihala

Sanggunian:
Memorandum
PangkagawaranBlg. 24, s. 2016
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
Sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:
BUREAUS AND OFFICES
CELELBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, Filipino

**DIVISION WORKING COMMITTEE**
**Pansangay sa Paligsahan sa Tagisan ng Talento sa Filipino**
**Agosto 22-23, 2019**
**Event Center, Limketkai Center, Lapasan, Cagayan de Oro City**

A. Planning Committee:

| | |
|---|---|
| Chairman: | JONATHAN S. DELA PEÑA, PhD., CESO V<br>Pansangay na Tagapamanihala |
| Co-Chairman: | ALICIA E. ANGHAY, PhD<br>Kawaksing Tagapamanihala |

B. Technical Planning Committee:

| | |
|---|---|
| Chairman: | Sol P. Aceron, PhD |
| Co-Chairman: | Adelina Encabo |

C. Secretariat/Registration Committee

| | |
|---|---|
| Chairman: | Aniceta T. Batallones<br>Maridel C. Sato |
| Co-chairman: | Maria Elena T. Romualdo |
| Members: | Maria Socorro Q. Guibone<br>Helen Lucman<br>Teresa P. Mingo, PhD. |

D. Program & Invitation:

| | |
|---|---|
| Chairman: | Dina Zoraida Zamora |
| Co-Chairman | Rodwena Loquero |
| Members | Saudi M. Revira<br>Dennis R. Aceron<br>Madel M. Flores<br>Sheryl A. Resgonia<br>Juniel Revira<br>Jessa Lapore<br>Nimfa Herrera |

E. Reception/Venue/Hall Preparation/Sound System/Decoration Committee/Leis

| | |
|---|---|
| Chairman: | Juliet Murcia |
| Co-chairman: | Jocelyn Palabon |
| Members: | Helen R. Lucman<br>Nilda Kila<br>Chrsitine Libot<br>Teresita Rara |

F. Snacks/Lunch:

| | |
|---|---|
| Chairman: | Bellie Garcines |
| Co- Chairman: | Fe D. Tumanda |
| Members: | Almacielo Y. Nambatac<br>Emie D. Gipala<br>Maritess Gulle<br>Pacita Ua-o |

Farrah Zaportiza

G. Awards/Prize/Certificates/Tarpaulin:

| | |
|---|---|
| Chairman: | Allan Quibone |
| | Pat Sambaan |
| | Al Lagumen |
| Co-Chairman: | Chito Espinosa |
| | Isabelo Romualdo |
| Members: | Luzviminda Binolhay |
| | Ma. Theresa V. Loquias |
| | Paul Gacusan |
| | Elena T. Romualdo |
| | Madel M. Flores |

H. Recorder/Timer:

| | |
|---|---|
| Chairman: | Zeny Sacal |
| Co-chairman: | Leonor Reyes |
| Member: | Rochelle Nala |
| | Marcelina Cabaring |
| | Elena Galarrita |

I. Judges

| | |
|---|---|
| Chairman: | Jessah M. Lapore |
| Co-chairman: | Nimfa Herrera |
| Member: | Genoveva C. Careras |

J. Documentation Committee

| | |
|---|---|
| Chairman: | Aniceta Batallones |
| Co-Chairman: | Censusa Abuel |
| Members: | Sheila Romines |
| | Fe Dawal |

K. Usher/Usherettes

| | |
|---|---|
| Chairman: | Ursula Abellanosa |
| Co-Chairman: | Sheila Romines |
| Members: | Madel Manlupig |
| | Sheryl Resgonia |
| | Genoviva C. Careras |

Enclosure blg. 1:

Enclosure blg. 1:

# 2019 PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | **PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO** | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | Ang mga kalahok ay binubuo ng tig-iisang mag-aaral mula sa Baitang 4, 5, 6 at isang Graded SPED **(Visually Impaired)** na may **edad labinlima** pababa sa taon ng paligsahan. | |
| **Kategorya** | MADULANG PAGKUKUWENTO | |
| **Bilang ng Kalahok** | Apat (4) | |
| **Oras na Inilaan** | Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 40% |
| | Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kumpas/Kilos (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | May pagbubukod bukod ng mga salita (5%) | |
| | May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |
| | **Kabuuan** | **100%** |

I. **Patnubay sa Kalahok**

a) Isang kuwento ang bibigyan ng interpretasyon batay sa ibibigay ng mga hurado sa takdang araw ng paligsahan;

b) Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang kuwentong bibigyan ng interpretasyon;

c) Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng kuwento;

d) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang kuwento na tatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;

| |
|---|
| e) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang kuwento;<br>f) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas;<br>g) Walang anumang **props** o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin; at<br>h) Iikot ang interpretasyon sa kuwento lamang. |
| **II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**<br>a) Kuwentong gagamitin (isang (1) **hard copy** at isang (1) naka-**transcribe** sa **braille**);<br>b) Orasan, numero ng mga kalahok;<br>c) c.1 Dalawang (2) silid na **holding area** para sa 68 katao;<br>c.2 Isang (1)silid para sa pagsasanay; at<br>c.3 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 200 katao. |

# 2019 PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

DepED

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | Baitang 6 | |
| **Kategorya** | SULAT BIGKAS NG TULA **(SULKAS TULA)** | |
| **Bilang ng Kalahok** | Isa (1) | |
| **Oras na Inilaan** | Isang (1) oras para sa pagsusulat, 30 minutong paghahanda at limang (5) minuto na pagtatanghal | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **PAGSULAT** | **50%** |
| | **Interpretasyon ng Tula** | |
| | Kaugnayan sa paksa (25%) | |
| | Organisasyon ng diwa (15%) | |
| | Mekaniks (10%)<br>*(Apat (4) na saknong na binubuo ng apat (4) na taludtod na may tugma)* | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **PAGBASA** | **50%** |
| | **Hikayat** | |
| | Dating sa Madla (5%) | |
| | Kilos/galaw/kumpas (10%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (10%) | |
| | **Tinig at Bigkas** | |
| | Lakas/ Diin/ Taginting (10%) | |

| | | |
|---|---|---|
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | **Kabuuan** | **100%** |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang tulang isusulat ay naayon sa tema na ibibigay ng hurado sa araw ng patimpalak; apat na saknong na binubuo ng apat na taludtod na may tugma;
b) Ang opisyal na gagamiting papel ay magmumula sa tagapag-organisa;
c) Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang oras na pagsusulat at tatlumpong minutong pag eensayo;
d) Ang lahat ng papel ay lilikumin ng tagapagdaloy at sisimulan na ang paligsahan;
e) Ang lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal;
f) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng limang minuto sa pagbigkas ng tula kasama ang pagpasok at paglabas mula sa entablado gamit ang tulang sinulat na ibibigay muli ng tagapagdaloy; at
g) Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Paksang gagamitin;
b) Papel, bolpen, lapis at pambura;
c) Orasan, numero ng mga kalahok;
d) d.1 Isang (1)silid na **holding area** para sa 17 katao; at
d.2 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 100 katao.

# 2019 PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

| | | |
|---|---|---|
| **Paligsahan** | PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO | |
| **Baitang ng Mag-aaral** | Baitang 11 o 12 | |
| **Kategorya** | DAGLIANG TALUMPATI | |
| **Bilang ng Kalahok** | Isa (1) | |
| **Oras na Inilaan** | Anim (6) na minuto kasama ang paghahanda at pagtatalumpati | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 35% |
| | Kaugnayan sa paksa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (15%) | |
| | **Hikayat** | 25% |
| | Kilos, galaw, kumpas (10%) | |
| | Dating sa Madla (5%) | |
| | Kakanyahang pantanghalan (5%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (5%) | |
| | **Tinig** | 20% |

| | | |
|---|---|---|
| | Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%) | |
| | Laginting (5%) | |
| | Lakas (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | Diin/Indayog (5%) | |
| | **Kabuuan** | 100% |

I. **Patnubay sa Kalahok**

a) Ang paksa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang oras;

b) Siya ay bibigyan lamang ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok;

c) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minuto naman sa pagtatalumpati;

d) May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

1-30 segundo - .5 puntos
31-60 segundo - 1 puntos
61 segundo – pataas - 2 puntos

e) Itataas ang banderang berde bilang hudyat ng pagsisimula, banderang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at banderang pula na tapos na ang itinakdang oras; at

f) **Corporate attire** ang inaasahang kasuotan.

II. **Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Banderang berde, dilaw at pula;
b) Paksang gagamitin;
c) Orasan, numero ng kalahok;
d) d.1 Isang (1)silid na **holding area** para sa 17 katao; at
d.2 Isang (1)silid para sa pagsasanay; at
d.2 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 100 katao.

# 2019 PANSANGAY NA PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!

| | |
|---|---|
| Paligsahan | PANSANGAY TAGISAN NG TALENTO |
| Baitang ng Mag-aaral | Isang kalahok sa ika-anim na baitang |
| Kategorya | PALIGSAHAN SA ISPELING:IISPEL MO!*(ANG MGA SALITA NA GAGAMITIN SA PALIGSAHAN SA ISPELING AY HANGO SA ORTOPGRAPIYANG PAMBANSA)* |
| Bilang ng Kalahok | ISA (1) bawat paaralan |
| Oras na Inilaan | |
| Sanggunian | Advisory No. 135, s. 2018 : Pamantayan ng Paligsahan at Pormlaryo ng Pagpapatala ng Kalahok |

# 2019 PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

DepED

| | |
|---|---|
| Paligsahan | PANSANGAY TAGISAN NG TALENTO |
| Baitang ng Mag-aaral | Isang kalahok mula sa bawat Baitang 7, 8, 9 at 10. |
| Kategorya | INTERPRETATIBONG PAGBASA *(Pagbibigay interpretasyon sa wastong pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang pagbasa ng tula)* |
| Bilang ng Kalahok | Apat (4) |
| Oras na Inilaan | Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda at pagtatanghal |

# 2019 PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

DepED

| | | |
|---|---|---|
| Paligsahan | PANSANGAY TAGISAN NG TALENTO | |
| Baitang ng Mag-aaral | Isang kalahok mula sa bawat Baitang 7, 8, 9 at 10. | |
| Kategorya | INTERPRETATIBONG PAGBASA *(Pagbibigay interpretasyon sa wastong pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang pagbasa ng tula)* | |
| Bilang ng Kalahok | Apat (4) | |
| Oras na Inilaan | Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda at pagtatanghal | |
| Batayan ng Kapasyahan | Pamantayan | Bahagdan |
| | Interpretasyon | 40% |

| | | |
|---|---|---|
| | Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kumpas/Kilos (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | May pagbubukod-bukod ng mga salita (5%) | |
| | May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |
| | **Kabuuan** | 100% |

I. **Patnubay sa Kalahok**

a) Ang piyesa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang araw ng paligsahan;
b) Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon;
c) Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon.
d) Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng binasang piyesa;
e) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
f) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi maririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin;
g) Dapat angkop ang interpretasyon sa genreng nakasulat sa piyesa;
h) Ang kasuotan ay **pantalong maong at puting t-shirt**;
i) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas;
j) Walang anumang **props** o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok; at
k) Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib.

II. **Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a. Paksang gagamitin;
b. Orasan, numero ng mga kalahok;
c. c.1 Dalawang (2) silid na **holding area** para sa 68 katao;
   c.2 Isang (1) silid para sa pagsasanay; at
   c.3 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 200 katao.

**Paalala**:

- Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang **electronic gadgets** sa **holding area** at sa buong panahon ng pagtatanghal.
- Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa **holding area**.
- Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.
- Ang paglabag dito ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon

# 2019 PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

Mga kategorya, bilang ng kalahok at bilang ng tagapagsanay sa bawat kategorya ay ang mga sumusunod:

| Kategorya | Bilang ng kalahok | Bilang ng Tagapagsanay | Kabuuang Bilang |
|---|---|---|---|
| 1. Madulang Pagkukuwento | 4 | 2 | 6 |
| 2. Sulat at Bigkas ng Tula (SULKAS TULA) | 1 | 1 | 2 |
| 3. Dagliang Talumpati | 1 | 1 1 | 2 |
| 4. Interpretatibong Pagbasa | 4 | 1 | 5 |
| **Kabuuang bilang ng delegado sa bawat rehiyon** | | | **15** |

**Paglilinaw:**

Sa Madulang Pagkukuwento, isang (1) gurong tagapagsanay para sa SPED at isang (1) gurong tagapasanay para sa Grade